CONEWER

INSTALLATION GUIDE

PARA SA MGA CONEWER UNIT OWNER


Paano i-install ang CONEWER Wi-Fi unit

Step-by-step, may picture sa bawat hakbang. Kahit first time mo, kaya mo ito.

Mga 15 minutes

7 madaling steps

TP-Link EAP110-Outdoor





BAGO MAGSIMULA

I-check ang laman ng box

- **Outdoor unit**
  May 2 antenna — ito ang Wi-Fi unit mo
- **PoE adapter**
  Puting box na may "PoE" at "LAN" na port
- **Power cord**
- **Mount (bracket)**
- **Mounting set**
  Turnilyo, plastic plug at tali
- **Quick Installation Guide**

HINDI KASAMA SA BOX

I-ready mo rin ang mga ito



Router na may internet

Dapat may **bakanteng LAN port** (yung dilaw o may label na LAN).




Mahabang LAN cable

Mula adapter papunta sa unit. Pang-outdoor, **hanggang 60 m**. **ORANGE** ito sa guide na ito.



Maikling LAN cable

Mula adapter papunta sa router, mga 1–2 m. **BLUE** ito sa guide na ito.



Saksakan sa loob


Malapit sa router, sa tuyong lugar. Pwede ang extension o AVR.


GAMIT

- Screwdriver
- Drill (kung sa pader)
- Cable ties
- Hagdan

ANG BUONG CONNECTION

Isang cable lang papunta sa unit





KILALANIN ANG ADAPTER

Dalawang port, dalawang trabaho

PoE port → sa UNIT lang


May kasamang kuryente ang port na ito. Dito ang mahabang cable.

LAN port → sa ROUTER

Dito ang maikling cable papunta sa LAN port ng router.

Huwag isaksak ang PoE port sa router o laptop

May kuryente ito — pwedeng masira ang device.



STEP 1

1 Pumili ng magandang puwesto

Mataas, mga 3 meters
Sa poste o pader, labas ng bahay o tindahan

Kita ang tambayan ng customers
Walang harang sa pagitan ng unit at ng mga tao

Iwasan ang makapal na pader at bakal
Pati yero, tangke at likod ng bubong


Cable: hanggang 60 m lang
Mula sa adapter (sa loob) hanggang sa unit

STEP 2

2 Ikabit ang mahabang cable sa unit



Ganito ang ilalim ng unit kapag bukas ang takip




1. **Buksan ang takip sa ilalim**
2. **Isaksak hanggang mag-click**
   Yung orange (mahabang) cable
3. **Huwag pindutin ang RESET**
   Mababura ang setup ng CONEWER
4. **Ibalik nang mahigpit ang takip**
   Para hindi pasukin ng tubig

STEP 3


3 I-mount ang unit





‡ Sa poste

Itali gamit ang kasamang tali o **cable ties** sa likod ng mount.



Sa pader

I-drill, ilagay ang **plastic plug**, then i-turnilyo ang mount.

Antenna pataas


Nakatayo nang diretso, parehong antenna

Port pababa

Para hindi pasukin ng ulan ang cable


STEP 4 · SA LOOB

4 Ikabit sa adapter at sa router



STEP 5

5 Isaksak ang power




Power cord: adapter muna, then saksakan

Adapter sa LOOB
Sa tuyong lugar, sa tabi ng router


Malayo sa ulan at init
Hindi waterproof ang adapter, ang unit lang


STEP 6

6 I-test gamit ang phone mo



Blink = nagbo-boot (~2 min)
Steady = ready na






CONEWER LOGIN PAGE

Lumabas ang login page?
Working na ang unit mo!

STEP 7

7 I-pair sa owner app

1. **Buksan ang owner app**
   conewer.sagittatechnologies.com/owner
2. **I-tap ang "Pair another access point"**
   Kung first unit mo, diretso na sa pairing screen
3. **Ilagay ang 8-character pairing code**
   Ibibigay ito ng CONEWER pagka-online ng unit
4. **I-tap ang Pair — tapos na!**



DEMO CODE

PAALALA

Gawin at huwag gawin

GAWIN

- Antenna pataas
- Port nakaharap pababa
- Adapter sa loob, tuyong lugar
- Mahigpit ang takip ng unit

HUWAG

- Pindutin ang RESET
- PoE port sa router o laptop
- Gamitin ang WAN port ng router
- Ibaluktot o ipitin nang sobra ang cable

TROUBLESHOOTING

May problema? I-check ito

Walang ilaw ang unit	I-check ang **power cord** at kung nasa **PoE port** ang mahabang cable.
Walang "CONEWER" sa Wi-Fi list	Maghintay ng **3 minutes**. I-check kung naka-**click** ang cable sa unit at sa adapter.
Walang login page o internet	May internet ba ang router? Nasa **LAN port** ba ang maikling cable, hindi sa WAN?
Ayaw pa rin?	**I-message ang CONEWER support.** Huwag i-RESET ang unit — kami na ang titingin.

TAPOS NA!

Ready nang kumita ang unit mo

Kahit habang tulog ka. Makikita mo ang kita, live, sa owner app.

CONEWER conewer.sagittatechnologies.com

CHECKLIST

- Magandang puwesto, ~3 m
- Cable sa unit, sarado ang takip
- Naka-mount, antenna pataas
- PoE → unit, LAN → router
- Adapter sa loob, naka-saksak
- Lumabas ang CONEWER login
- Naka-pair sa owner app